

Tumutugon Ang Johnson & Johnson Sa Disyembre 10, 2019 Na Pagdinig Ng Subcommittee Sa Patakaran Sa Ekonomiya At Konsumer, Kumite Sa Pangangasiwa At Reporma, Kapulungan Ng Mga Kinatawan Ng U.S.

Noong Disyembre 10, 2019, ang Subcommittee ng Kapulungan ng mga Kinatawan sa Patakaran sa Ekonomiya at Konsumer ng Kumite sa Pangangasiwa at Reporma ay nagsagawa ng pagdinig sa “Pagsusuri sa mga Carcinogen sa Talc at ang Pinakamahusay na mga Paraan para sa Pagtuklas ng Asbestos.” Dahil sa mga katanungan at pahayag sa pagdinig ay ibinibigay ng Johnson & Johnson sa publiko ang impormasyon na ito.

Paano sinusuri ng Johnson & Johnson ang kosmetikong talc nito upang matiyak na ligtas ito?

Gumagamit ang Johnson & Johnson ng nangunguna sa industriya na hanay ng mga paraan kabilang ang mga tinatawag ng FDA kamakailan na “ang mga pinakasensitibong teknik na available.” Maingat ang Johnson & Johnson sa bawat yugto ng proseso nito upang matiyak na ang kosmetikong talc na ginagamit sa mga produkto nito ay hindi kontaminado ng asbestos. Noong unang nabanggit ang mga alegasyon, humiling ito sa ilang mga independienteng institusyon, laboratoryo, at unibersidad upang suriin ang talc nito. Kinabilangan ng mga institusyon na ito ng U.S. FDA, ng Harvard School of Public Health, MIT, Mt. Sinai Hospital, McCrone Associates, at Cardiff University, ang ilan, at kinumpirma ng mga pagsubok na ito na walang asbestos ang mga produkto ng Johnson & Johnson na kosmetikong talc.

Tumestigo si Dr. William Longo sa pagdinig. Sino siya?

Si Dr. Longo ay isang binayarang testigo para sa mga abogado ng nagsasakdal. Kumita ang kanyang laboratoryo ng milyun-milyong dolyar dahil sa pagtestigo para sa mga nagsasakdal sa paglilitis tungkol sa asbestos. Tinatayang 95% ng panahong nasa korte si Dr. Longo, ay sa ngalan ng mga nagsasakdal. Gayunpaman, hindi umayon ang lahat ng korte sa kanyang testimonya. Sinabi ng ilang korte na ang mga pamamaraan ni Dr. Longo ay “basurang agham,” ang mga pag-aaral niya ay “palsipikadong agham sa karamihan,” at ang kanyang testimonyo ay “nakakadismaya, hindi kapani-paniwala at hindi suportado ng anumang iginagalang na komunidad ng mga siyentipiko.”

Bago siya nagsimulang tumestigo laban sa Johnson & Johnson, si Dr. Longo ay nanumpa na “kabisado” niya ang paksa ng asbestos sa kosmetikong talc, at ang pagkakaroon ng asbestos sa kosmetikong talc ay “alamat” lamang. Sa ibang salita: alamat na sinasabi ng mga tao na hindi totoo. Paulit-ulit siyang tumestigo na wala siyang nakitang anumang asbestos sa kosmetikong talc. Sa iba pang kaso, tumestigo siya na: “Tiningnan namin. Hindi namin ito nahanap.” Kailan lang noong mga 2010, tumestigo si Dr. Longo na ang talc na kinuha mula sa mga lugar maliban sa New York ay “malinis.” Hindi kailanman kumukuha ang Johnson & Johnson ng talc nito mula sa New York. Ngayon, tanging nang mabayaran upang tumestigo laban sa Johnson & Johnson na sinasabi ni Dr. Longo na kontaminado ng asbestos ang talc nito.

Tinalakay ni Dr. Longo ang tungkol sa paraan ng paghihiwalay ng mabigat na likido sa pagsusuri ng asbestos. Bago ba itong teknik?

Hindi. Ang tuon ng testimonyo ni Dr. Longo—ang paraan ng paghahanda sa paghihiwalay ng mabigat na likido—ay pampalito. Ang pamamaraan na ito ay hindi lantad at hindi rin lihim. Kilala na ang teknik sa komunidad ng siyentipiko nang maraming dekada. Mula pa noong 1970s ay tinanggihan na ng mga independienteng dalubhasa, kabilang ang mga siyentipiko sa FDA, ang teknik dahil sa hindi ito maaasahan at bigong makita ang pinakakaraniwang uri ng asbestos—chrysotile. *Sa katunayan, walang panregulatoryong ahensiya kahit saan sa mundo ang nagpatibay sa teknik ni Dr. Longo na paghihiwalay ng mabigat na likido.*

Sinabi ni Dr. Longo na ang pagsuri nang wala ang paraan ng paghiwalay ng mabigat na likido ay hindi gaanong sensitibo upang regular na matukoy ang asbestos sa talc. Tama ba iyon?

Hindi, mali iyon. Pareho ang mga bagay na nakikita ni Dr. Matthew Sanchez na dalubhasa ng Johnson & Johnson sa mga nakikita ni Dr. Longo. Nakahanap rin si Dr. Sanchez ng mga bahagi ng amphibole mineral sa *parehong mga bote* ng Johnson’s Baby Powder nang hindi gumagamit ng paghihiwalay ng mabigat na likido. Bagamat parehong bagay ang nakikita nila, ipinaliwanag ni Dr. Sanchez na hindi asbestos ang mga bahagi ng mineral na iyon. Ang mga iyon ay ang mas karaniwan na uri ng ilang mineral na non-asbestiform. Hindi problema ang **pagiging sensitibo**. Ang problema ay ang pagkilala sa kung ano ang natutukoy.

Sinabi ni Dr. Longo sa pagdinig na 65% ng mga bote ng Johnson & Johnson na kosmetikong talc ay positibo sa asbestos. Mali ang pagkilala niya sa mga bahagi ng mineral na natutukoy niya. Nagpatunay si Dr. Longo na kung ang isa sa kanyang “mga taga-analisa na nagsasagawa sa pagsusuri ay nakakakita ng isang non-asbestiform cleavage fragment” sa anumang sukat at hugis (ibig sabihin, hindi asbestos), “itinuturing ng taga-analisa na iyon ay isang istruktura ng asbestos.”

Nagpatunay si Dr. Jacqueline Moline sa pagdinig. Sino siya?

Si Dr. Moline ay isang binayarang testigo sa paglilitis para sa mga abogado ng nagsasakdal. Nagbago na ang kanyang testimonya simula nang magsimula siyang magtestimonya laban sa Johnson & Johnson. Bago siya binabayaran upang magtestimonya laban sa Johnson & Johnson, kinikilala ni Dr. Moline na ang mga pag-aaral sa mga minero at gumigiling ng talc na nalantad sa malalaking kantidad ng talc ay hindi kinakitaan na tumaas ang kanilang panganib na magkaroon ng mga sakit na nauugnay sa asbestos, kabilang ang mesothelioma. Ipinakita ng mga pag-aaral na iyon na walang asbestos ang mga minahan na iyon, kabilang ang mga minahan na nagsusuplay ng talc sa Johnson & Johnson. Ngayon, kapag tumetestigo si Dr. Moline laban sa Johnson & Johnson, sinasabi na niya na hindi sapat ang mga pag-aaral na iyon.

Ayon kay Dr. Moline wala daw kaibahan sa kalusugan sa pagitan ng mga asbestiform at non-asbestiform mineral. Tama ba ito?

Hindi, mali iyon. Maraming mga respetadong siyentipiko ang nagsabi na ang dami ng mga nakikitang non-asbestiform mineral ay walang banta na panganib sa kalusugan.

- Ang OSHA ay isang ahensiya ng pamahalaan ng U.S. na responsable sa pagtiyak sa kaligtasan sa trabaho. Ipinahayag ng ahensiya noong 1992 na ibinubukod ng mga regulasyon nito kaugnay sa asbestos ay ang non-asbestiform amphiboles dahil “walang malaking ebidensiya ang nagpapatunay nito na... nagpapakita [ang mga ito] ng parehong uri o dami ng mga epekto sa kalusugan tulad ng asbestos.”
- Ipinahayag ng United States Geological Survey (“USGS”) na “pagdating sa panganib sa kalusugan,” “mahalaga kung ang amphibole ba ay isang asbestiform,” at na “sinusuportahan ng available na ebidensiya ang isang konklusyon na ang pagkakanalantad sa mga nonasbestiform cleavage fragment ay malamang na hindi nagdudulot ng malaking panganib ng pagbuo ng kaugnay sa asbestos na sakit.”
- Ang NIOSH – ang sangay ng OSHA sa agham at pananaliksik – ay parehong nagpahayag na “ang mga nonasbestiform mineral ay hindi ‘asbestos’ o ‘asbestos mineral,’” at tanging “ang pagkalanat sa mga hibla mula sa mga asbestos na mineral” ang totoong nauugnay sa malubhang mga epekto sa kalusugan sa mga epidemiolohikal na pag-aaral.

Si Dr. Rod Metcalf ay tumestigo sa pagdinig. Sino siya?

Si Dr. Metcalf ay isang binayarang testigo sa paglilitis para sa mga abogado ng nagsasakdal. Mayroon siyang pangkalahatang background sa heolohiya, ngunit hindi partikular na naugnay ang kanyang testimonya sa talc ng Johnson & Johnson.

Ano ang sinabi ni Dr. Metcalf tungkol sa kung maaari bang walang asbestos ang talc?

Sumalungat si Dr. Metcalf sa suhestiyon na “hindi maaasahang walang asbestos ang talc.” Habang kinikilala na maaaring walang asbestos ang mga deposito ng talc, wala siyang ibinigay na impormasyon na partikular sa mga minahan mismong ginagamit ng Johnson & Johnson sa nakaraan o sa kasalukuyan.

Ano ang sinasabi ng mga independienteng siyentipiko at organisasyon tungkol sa mga minahan na ginagamit ng J&J?

Maraming mga independienteng siyentipiko at organisasyon ang nagsasabi na walang asbestos ang mga minahan na ginagamit ng Johnson & Johnson sa Vermont at Italy. Halimbawa:

- Sinuri ng NIOSH at ng Harvard School of Public Health ang minahan ng Johnson & Johnson ng talc sa Vermont at sinabi na “ipinakita ng pag-aaral ng NIOSH, na kinabilangan ng petrographic microscope analysis, transmission electron microscopy, at x-ray diffraction na may step-scanning, na *walang asbestos* sa mga sampol na ito.” Kinilala rin nila na “ipinakita na ng mga pag-aaral mula pa noong maagang bahagi ng 1900’s na ang mga deposito ng talc sa Vermont ay *walang asbestos*.”
- Ipinahayag ng American Conference of Governmental Industrial Hygienists (ACGIH) na walang asbestos sa mga minahan ng talc ng Johnson & Johnson sa Vermont at Italy.
- Sinabi ng International Agency for Research on Cancer (IARC) na “Ang uri ng talc na kasalukuyang ginagamit para sa mga layuning kosmetiko sa USA ay hindi nagtataglay ng napapansin na mga antas ng amphibole, kabilang na ang asbestos.”

Tila iminumungkahi ng ilang mga saksi na ang mga panloob na dokumento ng Johnson & Johnson ay nagpakita ng mga positibong pagsusuri para sa asbestos. Ano ang tinutukoy nila?

Regular na mali ang paggamit at pagpapakahulugan ng mga saksi ng mga nagsasakdal sa mga nilalaman ng mga panloob na dokumento ng Johnson & Johnson. Kung minsan ay tinutukoy ang mga resulta ng pagsubok na nakakita ng mga non-asbestiform amphibole na mineral, na hindi asbestos. Kung minsan ay tinutukoy ang mga resulta ng pagsubok na mula sa mga sanggunian na hindi kailanman ginamit para sa mga produkto ng Johnson & Johnson na kosmetikong talc. Sa ibang pagkakataon, tinutukoy ang mga dokumento na kinabibilangan ng mga sampol na sinadyang hinaluan ng asbestos upang masuri ang mga pamamaraan sa pagsubok. At kung minsan ay tinutukoy ang mga dokumento na nagpapahiwatig na nakahanap ng asbestos ngunit sa kalaunan ay napatunayan na hindi tumpak.

Bakit hindi nagbigay ng testimonya ang CEO ng Johnson & Johnson na si Alex Gorsky?

Si Mr. Gorsky ay ang CEO ng Johnson & Johnson at, sa tungkulin na ito, siya ang responsable sa malawak na pangangasiwa sa 264 na gumaganang mga negosyo ng Kumpanya sa 60 bansa. Tulad ng inaasahan sa pamumuno sa multinasyonal na kumpanya, si Mr. Gorsky ay walang kinalaman sa pang-araw-araw na proseso ng pagpapasya kaugnay sa mga produktong kosmetikong talc at umaasa lamang sa iba na magbibigay ng impormasyon sa kanya, kung kinakailangan. Sa usapin na ganito katangi at kakumplikado—ang pinakamahusay na mga paraan ng pagsuri ng talc—regular siyang sumasalalay sa kadalubsahaan ng mga siyentipiko at mga eksperto sa ibang mga paksa.

Ang pagdinig ay kinasasangkutan ng talagang teknikal at siyentipikong mga bagay. Halimbawa, nagpatotoo ang isang heolohista tungkol sa napakatangi na mga termino at konsepto ng mga heolohista kabilang ang hydrothermal na alterasyon ng mga protolith, metosomatism, at mga carbonate protolithology.

Dahil sa tuon ng pagdinig, inialok ng Johnson & Johnson na may dalawang ibang tao, na mas akma na maging saksi ang pupunta sa pagdinig: Sina Dr. Matthew Sanchez at Ms. Kathleen Widmer. Taglay ni Dr. Sanchez ang isang degree na Bachelor ng Agham, isang degree na Master ng Agham, at isang Ph.D. sa Heolohiya. Malalim ang karanasan niya sa pagsubok sa Johnson's Baby Powder—sinusuri ng kanyang kumpanya ang talc ng Johnson & Johnson nang mahigit sa isang dekada. Si Kathleen Widmer ay isang nakatataas na ehekutibo na direktang responsable para sa mga produkto ng mga mamimili sa Hilagang Amerika, kabilang ang Johnson's Baby Powder. Parehong tinanggihan ng Subcommittee ang mga saksi.

Nakipagtulungan ba ang Johnson & Johnson sa Kongreso?

Oo. Sa halos isang taon, nakipagtulungan ang Johnson & Johnson sa Subcommittee sa kaligtasan ng kosmetiko, kabilang na ang pagbibigay ng briefing, nasusulat na mga pagsunod, at mga dokumento. Sa maagang bahagi nitong taon, bilang tugon sa kahilingan ng Subcommittee para sa mga dokumento at impormasyon kaugnay sa malawak na sangay ng mga paksa—kabilang ang asbestos, mga paraan ng pagsubok ng asbestos, mga resulta ng pagsubok, mga bilang ng benta, mga materyales sa pagbebenta, at higit pa—nagbigay ang Johnson & Johnson nang halos 10,000 pahina ng mga materyales. Nag-alok ang Johnson & Johnson na magbigay ng mahigit sa 300,000 na karagdagang pahina ng mga materyales na nauugnay sa pagsubok ng talc. Kasalukuyang tumutugon ang Johnson & Johnson sa mga karagdagang kahilingan ng Subcommittee pagkatapos ng pagdinig at magbibigay pa ng karagdagang mga dokumento at materyales sa Subcommittee. Nananatiling tapat ang Johnson & Johnson sa pakikipagtulungan sa lahat ng Miyembro ng Kongreso upang matugunan itong malaki at mahalagang mga suliranin sa pampublikong patakaran.

Nakipagtulungan ba ang Johnson & Johnson sa FDA?

Oo. Nakipagtulungan na ang Johnson & Johnson sa FDA para sa ikakabuti at patuloy nitong gagawin ito. Noong Oktubre 16, 2019, inabisuhan ng FDA ang Johnson & Johnson na, sa unang pagkakataon, ay nakakita ito ng asbestos sa isang bote ng Johnson's Baby Powder. Itong nag-iisang pagkatuklas ay talagang sumalungat sa libu-libong mga pagsubok sa nakaraang 40 taon na nagkumpirmang walang taglay na asbestos ang kosmetikong talc ng Johnson & Johnson, kabilang ang mismong mga pag-aaral ng FDA sa parehong kurso ng panahon, kabilang ang kamakailan lamang na noong Setyembre 2019. Gayunpaman, dahil sa laki ng pag-iingat, boluntaryong binawi ng Johnson & Johnson ang bahaging tinukoy.

Kasabay nito, agad na nagpagawa ang Johnson & Johnson ng masusi at masinsinang pagsusuri sa bagay na ito. Nakipagkontrata ang Johnson & Johnson sa dalawang third-party na laboratoryo upang mapabilis ang malaking bilang ng mga pagsubok sa binawing bahagi ng Johnson's Baby Powder. Sa kurso ng imbestigasyon, 155 na mga pagsubok sa kabuuan ang isinagawa ng dalawang laboratoryo gamit ang apat na magkakaibang paraan ng pagsubok sa mga sampol mula sa parehong bote na sinubok ng laboratoryo na ginamit ng FDA, ang binawing bahagi ng Johnson's Baby Powder, gayundin ang tatlong bahagi ng ginawa bago ang binawi na bahagi at tatlong ginawang bahagi pagkatapos ng binawi na bahagi. Kinumpirma ng lahat ng resulta na walang asbestos sa talc ng Johnson & Johnson.

Ibinahagi ng Johnson & Johnson ang masinsinan nitong 2,100+ na pahina ng imbestigasyon sa FDA na partikular na tumukoy sa mga posibleng panloob at panlabas na sanhi na maaring nagdulot sa natuklasan ng FDA. Halimbawa, kinabilangan ng mga suliranin na ito ng kronolohikal na hindi pagkakapare-pareho sa ulat ng inupahan ng FDA na laboratoryo na nagmumungkahi na maaaring nangyari ang pagkakontamina sa panahon ng paghahanda ng sampol. Umaasa ang Johnson & Johnson na magkakaroon ng pakikipagtulungan sa FDA upang malaman ang mga pagkakaiba-iba na ito.

[Upang ma-access ang mga sumusuportang dokumento, mag-click dito.](#)